


Aralin 12

# "Sambahin ang Diyos sa Espiritu at Katotohanan" *Juan 4:19-26*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Mauunawaan mo ang dahilan kung bakit ang pagsamba "sa espiritu at katotohanan" lamang ang pagsambang katanggap-tanggap sa Diyos.*
- *Magkakaroon kayo ng mas biblikal na pananaw patungkol sa mga nakalakihan o nakaugalian mga tradisyon o paniniwala tungkol sa pagsamba.*
- *Susuriin ninyo ang inyong sariling buhay pagsamba at gagawa ng aksiyon upang mapaunlad ang isang bahagi ng inyong pagsamba.*

## Panimula

1. Kapag narinig mo ang salitang "pagsamba" o "worship," ano ang unang pumapasok sa isip mo? Bakit kaya ganito?

***Tulay sa Pag-aaral:*** Karaniwang pumapasok sa isip natin ay ang pagdalo sa church, pananalangin, pag-awit, o iba pang mga espirituwal na gawain o tradisyon. Totoo ngang ang mga ito ay may kinalaman sa pagsamba ngunit hindi natin maaaring limitahan ang pagsamba sa ganitong mga bagay lang. Ang mga Pilipino, kahit pa mga Cristiano na, ay may mga nakalakihan o nakaugaliang tradisyon sa pagsamba na kailangang iwasto sa pamamagitan ng turo ng Panginoong Jesus sa Juan 4:19-26. Sa tagpong ito, kausap ni Jesus ang isang Samaritana na may maling pananaw sa pagsamba. Dahil dito, itinuro ni Jesus kung ano ang pagsambang katanggap-tanggap o "hinahanap" ng Diyos. Ito rin ang kailangan nating maunawaan ngayon.

## Pagsasaliksik

2. Basahin ang Juan 4:19-26. Itinuturo ni Jesus dito na ang pagsamba sa Diyos ay nararapat na "sa espiritu at katotohanan." Sa tingin ninyo, maaari kayang maging katanggap-tanggap sa Diyos ang pagsambang hindi ganito? Magbigay ng patunay na galing sa tekstong nabasa.

3. *"Sumasamba ako ayon sa personal na kagustuhan o nakalakihang tradisyon."* Bakit mali ang ganitong kaisipan (verses 19-20)? Ayon sa verses 23-24, paano natin dapat itama ang ganitong klaseng kaisipan o pananaw?

4. *"Sumasamba ako sa pamamagitan ng pag-awit, pagdarasal, at pag-aalay."* Batay sa katotohanang ang pagsamba ay "sa espiritu," bakit maaaring mali ang ganitong kaisipan (ayon din sa Mateo 15:8-9)? Ano ang dapat nating isaalang-alang sa pagsamba upang maitama ang ganitong kaisipan?

5. *"Sumasamba ako sa simbahan tuwing Linggo."* Bakit mali ang ganitong kaisipan (v. 20)? Ayon sa verses 21 at 23, paano natin maitatama ang ganitong kaisipan? [Maari ring tingnan ang 1 Corinto 6:19 at 10:31.]

6. *"Ang mahalaga ay sumasamba ako sa Diyos, kahit ano pang relihiyon o sekta ang kinabibilangan ko."* Batay sa pakikipag-usap ni Jesus sa babae, patunayang mali ang kaisipang ito. Maaari ring tingnan ang Juan 17:3; 14:6; 1:14, 17-18. Ano ang kinalaman ng tamang relasyon kay Jesus sa tunay na pagsamba?

7. *"Sumasamba ako kung nagkakaroon ako ng emosyonal na karanasan."* Tama ngang kasama ang emosyon sa pagsamba, ngunit bakit hindi sapat ang ganitong kaisipan (kung ang pagsamba ay "sa espiritu *at katotohanan*")? Ano ang kinalaman ng Salita ng Diyos (Juan 17:17) sa pagsamba?

8. Bukod sa mga naunang kaisipan tungkol sa pagsamba, may nakikita pa ba kayong karaniwang kaisipan na kailangan nating itama? Kung wala na, ano sa mga ito ang kaisipan mo sa pagsamba na naitama ngayon?

## Pagsasabuhay

9. Ang pagsamba ay dapat na buong pamumuhay (*way of life*) ng isang Cristiano - kasama ang personal na pagsamba, pagsamba kasama ang pamilya o Kaagapay Group, at pagsamba kasama ang iglesia (tulad ng BBCC). Ano sa tingin ninyo ang magiging epekto kung papabayaan natin ang isa man lang sa mga aspetong iyan ng pagsamba?

10. Anong aspeto ng pagsamba ang nakikita mong nais ng Diyos na magkaroon ng pagbabago? Anong gagawin mo ukol dito?

**Assignment**

- Isaulo ang Juan 4:23-24.